# 20 pamilya sa QC, tumanggap ng lupa mula NHA at Rep. Vargas

Mayroon nang sariling lupain na matatawag ang may 20 mahihirap na pamilya na nakatira sa North Fairview, Quezon City.

Ito'y makaraang kapit-bisig na mai-award ng National Housing Authority (NHA) at ni District 5 Rep. Alfred Vargas ang titulo ng lupa sa naturang mga benepisyaryo sa Phase 8 North Fairview sa ilalim ng Palupa at Pabahay program ng naturang mambabatas.

Ang mga benepisyaryo ay matagal nang panahon na umookupa sa private land pero makaraan ang mahigit na anim na buwan ay nabili ng NHA ang lupain at agad namang naiproseso ng tanggapan ni Vargas ang land certificates.

Bago ang awarding, una nang dumulog sa tanggapan ni Vargas ang naturang mga pamilya na binubuo ng Vargas Village 16 Homeowners Assn para mapasakanila na ang 600 square meters na lupa.

Noong October 24, naibigay ni Vargas sa naturang homeowners assn. ang tseke na may halagang P800,000 para ibayad sa may-ari ng private lot, ang lupain na ngayon ay nasa kanila nang pagmamay-ari. *(Angie dela Cruz)*